



1-21 2023
JAN DEVOTIONAL
GUIDE

**WIDE-EYED
WONDER**



PAMBUNGAD

Ang “Wide-Eyed Wonder”(Bukas na mga Mata sa Pagkamangha) ay 21-Araw na Gabay sa Pagninilay-nilay upang tulungan tayong baguhin ang ating paningin at makakita nang mas malinaw.

Sa susunod na 21 araw, habang hinahanap natin ang Diyos, maaasahan nating bubuksan ng Banal na Espiritu ang ating mga mata upang makita ang Kanyang kapangyarihan, karunungan, at mga kamangha-manghang gawa. Ang Diyos ay may kahanga-hanga, higit sa ating kaisipan na mga bagay na gusto Niyang ibahagi sa atin!. Noon pa man, nais na niyang ihayag ang mga ito! Gaano man karaming beses na natin naranasan ang Diyos sa ating buhay, marami pa ring bagay ang nagkalaan para sa atin.

Iba ang pamamaraan ng pagtingin ng Diyos kumpara sa atin. Ang kanyang mga paraan ay mas mataas, mas mahusay kaysa sa atin. Ang kanyang mga iniisip ay hindi katulad ng ating mga iniisip. Madalas hindi tayo palaging nag-iisip ng magaganda o tamang kaisipan. Kung minsan ay nahaharap tayo sa mga pagdududa, takot at kawalan ng paniniwala, o nawawala ang paningin sa kabutihan ng Diyos kapag nahaharap tayo sa mga pagsubok. At minsan dumadaan tayo sa araw-araw na paghahas, at nawawalan ng pag-asa na may magandang mangyayari.

Habang hinahanap natin ang Diyos, maaasahan nating bibigyan Niya tayo ng mga sariwang pananaw kung sino Siya, kung paano Niya tayo nakikita, at kung paano natin dapat makita ang ating mga sitwasyon. Kapag pinahintulutan natin ang Diyos na ipagpalit ang ating mga iniisip at paraan para sa Kanya, nagbabago ang lahat. Sa araw-araw, linggo-linggo, at bawat panahon, maaari tayong mamuhay ng masaganang buhay na Kanyang ipinangako!

PAMBUNGAD

Bawat linggo ng pagninilay-nilay ay nakatuon sa iba't ibang aspeto.

Sa Unang Linggo: *Pagkagutom*, hinahayaan natin ang Diyos na pukawin ang isang bagong pagkagutom sa atin at naniniwala na ang Diyos ay gustong ipakita at bigyan tayo ng pagbabago, isang bagay na hindi pa natin nakita o naranasan.

Sa Ikalawang Linggo: *Baguhin ang Aking Puso*, tumutuon tayo sa mga lugar sa ating buhay na nangangailangan ng pagbabago, humihiling sa Diyos na palitan at alisin ang mga pananaw, saloobin, o pag-iisip na pumipigil sa atin

Sa Ikatlong Linggo *Buksan ang Aking Mga Mata sa Mabubuting Bagay*, inilalagay natin ang ating sarili upang makatanggap ng sariwang pananampalataya, bagong apoy, bagong pampatibay-loob at pag-asa sa mabubuting bagay mula Diyos.

Sa katapusan ng bawat linggo, naglalaan tayo ng oras upang pagnilayan ang lahat ng sinabi ng Diyos, upang ilapat at pagsamahin ang natanggap natin mula sa Kanya.

Kaya inaanyayahan ka naming samahan kami sa kapana-panabik na paglalakbay na ito. Sa pagdaan natin sa debosyonal na ito, naniniwala tayo na bubuksan ng Diyos ang ating mga mata upang makita ang Kanyang kabutihan sa bawat bahagi ng ating buhay. Bibigyan Niya tayo ng supernatural na lakas at aakayin tayo sa bagong taon nang may pananampalataya at pagtitiwala.

NILALAMAN

Unag Linggo

- Araw 1 May Mas Hihigit Pa
- Araw 2 Panginoon, Gusto Kong Makakita
- Araw 3 Inalis Ang Mga Kaliskis
- Araw 4 Nabuksan Ang Mga Mata
- Araw 5 Malinaw Na Pag-Unawa
- Araw 6 Makalangit Na Pananaw
- Araw 7 Unang Linggo - Pagsasagawa

Ikalawang Linggo

- Araw 8 Buksan mo ang Aming Puso
- Araw 9 Ipakita sa Amin ang Mas Mahusay na Paraan
- Araw 10 Ipakita sa Amin ang Landas ng Buhay
- Araw 11 Labanan ng Kaisipan
- Araw 12 Bukas na Pinto sa Lahat ng Dako
- Araw 13 Pananampalatayang Nagtatagumpay
- Araw 14 ikalawang Linggo - Pagsasagawa

Ikatlong Linggo

- Araw 15 Makita ang Katapatan ng Diyos
- Araw 16 Makita ang Kabutihan ng Diyos
- Araw 17 Makita ang Benepisyo ng Diyos
- Araw 18 Makita ang Kapangyarihan ng Diyos
- Araw 19 Makita ang Pag-aani ng Diyos
- Araw 20 Makita ang Pabor ng Diyos
- Araw 21 Ikatlong Linggo - Pagsasagawa

IKA -UNANG ARAW | MAY MAS HIGIT PA

Pangkalahatang Ideya

Gaano man katindi ang ating karanasan sa Diyos, meron pang mas higit pa.

Pagsusuri

Araw-araw ang ating mga pandama ay napapagod sa mga bagong kaalaman. Ang mga ideya, imahe, balita, tsismis, at karanasan ay pumupuno sa ating buhay at nagbabago ng ating pananaw sa mundo. Ngunit ang Diyos ay higit pa sa mundong ito, ang Kanyang mga pamamaraan ay higit pa sa ating pang-unawa, at ang Kanyang layunin ay hindi kayang abutin ng ating isipan. At ang Kanyang pangako ay ihahayag Niya ang Kanyang layunin sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

Hindi tayo dapat makuntento sa ating mga nakalipas na karanasan, o unawain ang ating mga likas na pananaw. Meron pa! Mas marami pang nais gawin ang Diyos, meron pang gustong sabihin ang Diyos, mas higit pa ang Kanyang nais ibuhos sa atin. Sinabi ni Pablo sa talatang ito na ang layunin ng Diyos para sa atin ay hindi kayang unawain- higit pa sa nilalaman ng ating puso- nais ng Diyos na buksan ang ating mga mata at ipakita sa atin ang layuning iyon.

Bahagi ka ng layunin at pangako Niya. Hindi ibinukod ang buhay mo. Nais ng Diyos na ihayag sa atin ang nilalaman ng Kanyang puso at Kanyang mga pamamaraan. Ito ang maging simula na tanggapin ang lahat ng mayroon ang Diyos para sa atin. Hayaan mo na ang pangakong ito na bumaon sa iyong puso na may higit pang inilaan na bagay ang Diyos para sa iyo, at handa Siyang ihayag ito.

Tugon

Habang sinisimulan natin ang 21 araw na paglalakbay na ito, ipangako natin sa ating sarili na hanapin ang Diyos para sa mas higit pa. Humingi sa Kanya ng panibagong pagka-uhaw at pagkaunawa na hindi pa Siya tapos na ipakita ang Kanyang sarili sa atin.

Panalangin

Ama, salamat sa iyong dakilang pagmamahal at sa layuning ibinigay mo sa akin. Tulungan mo akong sundin ka, at hangaring malaman pa ang nakalaan para sa akin. Sa araw na ito, ihahayag Mo ba sa akin ang iyong layunin? Buksan mo ang aking mga mata upang makita ang higit pa sa kung ano ang nais mong ipakita sa akin upang masubaybayan kita. Sa pangalan ni Hesus ako ay nananalangin, Amen

IKA-DALAWANG ARAW

PANGINOOON GUSTO KONG MAKAKITA

Nang marinig siya ni Hesus, tumigil siya at iniutos na dalhin sa kanya ang lalaki. Nang malapit na ang lalaki, tinanong siya ni Hesus, “Ano ang gusto mong gawin ko para sa iyo?” “Panginoon,” sabi niya, “Gusto kong makakita!”

Lucas 18:40-41

IKA-DALAWANG ARAW | PANGINOON, GUSTO KONG MAKAKITA

Pangkalahatang Ideya

Lumapit tayo sa Diyos na merong kalinawan.

Pagsusuri

Isang nakakamanghang pahayag-GUSTO KONG MAKAKITA! Ang pariralang ito ay binigkas ng isang bulag na tumawag para mapansin ni Hesus. Paulit-ulit siyang sumigaw para magkapag ministeryo ang Panginoon sa kanya, subalit nang tawagin siya ni Hesus na lumapit, tinanong Siya ng Panginoon, “Ano ang gusto mong gawin ko para sa iyo?”. Napakalinaw ng sagot ng lalaki- ang nais niya ay sa pamamagitan ni Hesus siya ay makikita!

Minsan mahirap lumapit sa Panginoon nang may kalinawan. Kapag nananalangin tayo at hinahanap natin Siya, madalas maraming gumugulo sa ating isipan, o nasosobrahan sa ating maraming pangangailangan at kahilingan. At kung tatanungin tayo ni Hesus ngayon, paano natin ito sasagutin?

Ang lalaking nakatayo sa harap ni Hesus ay walang pisikal na paningin, ngunit malaki ang kanyang espirituwal na kaalaman! Alam na niya ang itatanong. Alam niya kung ano ang sandaling ito. Naunawaan niya ang kapangyarihan ng isang haplos mula kay Hesus.

Ito ang panahon upang hanapin ang Panginoon, at hayaan ang Diyos na tulungan tayong makakita nang mas malinaw. Kapag nakita natin ang nais ihayag ng Diyos, mapupuspos tayo ng pagkamangha sa Kanyang mabubuting layunin, plano, at pangako. Ngunit ang lahat ng ito ay nagsisimula sa isang pagnanais. Nagsisimula ito sa pagnanais ng puso upang MAKAKITA!.

Tugon

Hayaan na ang sandaling ito na maging sandali ng pagtugon sa ating buhay, kung saan hihingin natin sa Panginoon na buksan ang ating espirituwal na mga mata at tulungan tayong makita nang mas malinaw. Huwag mong hayaang lumipas ang sandaling ito. Hayaan mong punuin ng Diyos ang iyong buhay ng pagnanais na makita kung ano ang nais Niyang ihayag sa iyo.

Panalangin

Panginoon, alam ko na kaya mong gawin ang lahat. Alam ko na mas marami kang pang nakalaan para sa akin bukod pa sa mga naranasan ko na. Dalangin ko na punuin mo ako ng hangarin na mas makita nang mas malinaw ang sinasabi at nais mong gawin sa buhay ko. Buksan mo ang aking mga mata- gusto kong makakita! Sa pangalan ni Hesus ako ay nananalangin, Amen.

IKA-TATLONG ARAW

INALIS ANG MGA KALISKIS

Sa isang pangitain ay nakita niya ang isang lalaking nagngangalang Ananias na dumating at ipinatong ang kanyang mga kamay sa kanya upang maibalik ang kanyang paningin.

Mga Gawa 9:12

Biglang may nahulog na parang mga kaliskis ng isda mula sa mga mata ni Saulo, at nakakita siyang muli. Pagkatapos, tumayo siya at nagpabautismo.

Mga Gawa 9:18

IKA-TATLONG ARAW | INALIS ANG MGA KALISKIS

Pangkalahatang Ideya

Upang makita ang nakikita ng Diyos, ang kaliskis sa ating mga mata ay kailangang alisin.

Pagsusuri

Ang pangitain ng Diyos ay hindi palaging dumarating sa atin sa pinaka maginhawang panahon, o kapag inaasahan natin ito. Mas madalas, ito ay dumating sa atin sa mga hindi inaasahang lugar. Maaari rin itong mangahulugan na kailangan nating isuko ang ating sariling pamamaraan at pagtingin sa mga bagay.

Para kay Saulo, ito ay ang kanyang paglalakbay sa Damasco. Meron siyang isang malinaw na misyon - upang dakpin ang mga Kristiyano. Siya ay tiyak na nagtatagumpay. Ngunit sa isang bigla, may isang liwanag na tumama sa kanya. Kinausap siya ni Hesus, at siya ay nabulag pagkatapos ng pagtatagpong ito. Gayundin, nang kausapin ng Diyos si Ananias para puntahan si Saulo, sinabi Niya na nakakakita na ito. Paano nakakakita ang isang bulag na si Saulo? Nakatanggap siya ng espirituwal na paningin! Habang nananalangin si Ananias para kay Saulo, naalis ang mga kaliskis sa kanyang mga mata - tanda na tinanggal na ng Dios ang kanyang espirituwal na pagkabalag.

Tulad ni Saulo, pumupunta tayo sa iisang direksyon sa buhay na akala natin alam natin kung saan tayo pupunta at kung ano ang dapat nating gawin; gayon pa man ay maaaring lumalakad tayo na may kaliskis ang ating mga mata. Ang pagsunod sa tawag ng Diyos ay nangangahulugang pag-alis ng sarili nating mga kaliskis - kailangang alisin ang kaliskis! May mga kaliskis na naghadlang sa atin para makita ang pangitain ng Diyos. Maaaring kabilang dito ang ating sariling mga pananaw, ang kaliskis ng materyalismo, mga panagamba, o takot.

Ang lahat ng mga bagay na ito ay nakakaapekto sa ating puso at nagpapalabo sa ating paningin. Maaaring may hangarin tayong makakita nang malinaw, subalit maaaring may mga bagay na kailangang alisin ng Diyos sa ating buhay upang maibalik ang pangitain.

Tugon

Sikapin nating mabuksan ang ating espirituwal na mga mata, para may lakas tayo ng loob maisakatuparan ang mga layunin ng Diyos. Sa mga susunod na araw, hilingin sa Diyos na ihayag ang mga bagay sa iyong buhay na maaaring pumipigil sa iyo na makita ang Kanyang nakikita.

Panalangin

Panginoon, lumalapit ako sa Inyo nang may pagpapakumbaba at hinihiling na alisin Mo ang kaliskis sa aking mga mata. Ipakita Mo sa akin ang mga bagay na pumipigil sa akin na makita ang mga ginagawa Mo. Buksan mo ang aking espirituwal na mga mata upang makita ko ang Inyong pangitain, at hindi ang aking sarili. Sa Pangalan ni Hesus ako ay nananalangin, Amen.

IKA-APAT NA ARAW

NABUKSAN ANG MGA MATA

”Huwag kang matakot,” sagot ng propeta. “Ang mga kasama natin ay higit pa sa mga kasama nila.” At nanalangin si Eliseo, “Buksan mo ang kanyang mga mata, Panginoon, upang siya’y makakita.” Nang magkagayo’y binuksan ng Panginoon ang mga mata ng alipin, at siya’y tumingin at nakita ang mga burol na puno ng mga kabayo at mga karong apoy sa palibot ni Eliseo. .

2 Mga Hari 6:16-17

IKA-APAT NA ARAW | NABUKSAN ANG MGA MATA

Pangkalahatang Ideya

Sa pamamagitan ng pananampalataya, maaari nating hilingin sa Diyos na buksan ang ating espirituwal na mga mata, upang makita ang Kanyang nakikita.

Pagsusuri

Nararanasan natin ang pisikal na mundo sa pamamagitan ng ating pandama - kung ano ang nakikita ng ating mga mata, kung ano ang naaamoy ng ating mga ilong, kung ano ang maaaring hawakan ng ating mga kamay. Madalas tayong gumawa ng mga desisyon batay sa kung ano ang sinasabi sa atin ng ating pisikal na pandama. Ngunit bilang mga mananampalataya kay Cristo, malalaman at mauunawaan natin ang kaharian ng Diyos at makikita natin ang Kanyang ginagawa. Nararanasan natin ito sa pamamagitan ng ating espirituwal na pandama, sa pamamagitan ng mga mata ng pananampalataya, tulad ng ginawa ni Eliseo sa mga talatang binabasa natin.

Ang bansang Israel sa panahon ni Eliseo ay nakikipagdigma. Pinalibutan ng hari ng Aram ang lungsod ng napakaraming karwahe at kabayo. Nang makita ng lingkod ni Eliseo ang dami ng kaaway, natalo siya ng takot. Ngunit si Eliseo ay may di pangkaraniwang pananaw at nakita nya na ang anghel na hukbo ng Diyos ay higit pa sa kanilang kaaway. Nakiusap siya sa Diyos upang buksan ang mga mata ng kanyang lingkod upang makita nila na ang Panginoon ay kasama nila sa kanilang hanay.

Mula sa mga talatang ito ay mapupulot natin ang mga katotohanang ito:

1. May pisikal na katotohanan at espirituwal na katotohanan, at ang dalawa ay maaaring magkaiba!
2. Makikita natin ang mga ginagawa ng Diyos kapag binuksan Niya ang ating espirituwal na mga mata.
3. Bubuksan ng Diyos ang ating espirituwal na mga mata kapag hiniling natin sa Kanya.

Noong nakaraang taon, hindi ako nagtagumpay sa maraming panayam sa trabaho, ako ay nalito at nawala mula sa ipinangako ng Diyos sa akin na pauunlarin Niya ako sa aking karera. Sa sandaling iyon, ang tanging nakita ko ay mga kabiguan at kawalan ng pag asa. Ngunit habang nananalangin ako, binuksan ng Diyos ang aking mga mata upang makita na hindi Siya kailanman mabibigo sa pagtupad ng Kanyang mga pangako. Pagkaraan ng ilang buwan, binuksan ng Diyos ang mga pintuan sa isang posisyon sa isang kumpanyang ipinagdasal ko. Sa pamamagitan nito, itinuro sa akin ng Diyos na huwag ihalintulad ang aking buhay sa nakikita ng aking pisikal na paningin kundi sa Kanyang salita. Hindi ko kailangang makaramdam ng labis na pagkabalisa dahil nakikita ko na napapalibutan ako ng mga hukbo ng langit na mas malaki kaysa sa anumang natural na krisis na kinakaharap ko.

IKA-APAT NA ARAW | NABUKSAN ANG MGA MATA

Tugon

Ginagabayan ka ba ngayon ng iyong natural na pananaw? Marahil mayroon kang isang tiyak na pananaw tungkol sa iyong sitwasyon sa trabaho o sa iyong tahanan. O marahil tila lahat ng pagsisikap mo ay nabigo? Ang ating pananaw ay maaaring tila karaniwan, ngunit ang nakikita natin ay maaaring hindi ang tunay na kalagayan ng mga bagay! Hilingin natin sa Diyos na buksan ang ating mga mata upang makita ang ginagawa Niya at palitan ang ating pananaw ng katulad sa Kanya.

Panalangin

Diyos, isinusuko ko sa Iyo ang bawat hangarin ko na patnubayan ang aking buhay sa pamamagitan ng aking pisikal na pandama. Pinipili kong huwag umasa sa sarili kong pang unawa. Patalasin Nyo nawa ang aking espirituwal na pandama upang makita at malaman ko kung ano ang ginagawa Mo sa aking buhay, sa komunidad, sa paligid ko, at sa Iyong simbahan. Sa pangalan ni Hesus ay ipinagdarasal ko, Amen.

IKA-LIMANG ARAW

MALINAW NA PAG-UNAWA

At ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin, na nagsasabi, “Jeremias, ano ang nakikita mo?” At sinabi ko, “Nakikita ko ang isang sanga ng almendras.” Pagkatapos ay sinabi sa akin ng Panginoon, “Nakita mo nang mabuti, sapagkat binabantayan ko ang aking salita upang isagawa ito.”

Jeremiah 1:11-12

IKA-LIMANG ARAW | MALINAW NA PAG-UNAWA

Pangkalahatang Ideya

Hindi kailanman gumagawa ang Diyos ng anumang bagay nang hindi inihahayag ang Kanyang mga plano sa Kanyang mga lingkod. (Amos 3:7)

Pagsusuri

May pagkakaiba ang nakikita lamang sa nakikita nang malinaw. Hindi mabilang na dolyar ang ginugugol taun taon sa salamin, contact lenses, o kahit Lasik surgery upang makamit ang malinaw na paningin. Nakita mo, kahit na mayroon tayong paningin, maaari pa ring magkaroon ng pangangailangan para sa kalinawan.

Si Jeremias ay tinawag ng Diyos bilang propeta, subalit sinusubok ng Diyos ang kalinawan ng Kanyang pangitain sa pagtatanong sa kanya kung nakikita niya nang malinaw ang nahayag. Sa katunayan, sa Lumang Tipan ang mga propeta ay madalas tawaging ‘mga tagakita’--mga taong malinaw na nakakakita sa ginagawa ng Diyos.

Iniiisip ko kung malinaw nating mailalarawan kung ano ang ginagawa ng Diyos sa ating buhay ngayon. May kalinawan ba tayong malaman kung ano ang ipinakita Niya sa atin at kung ano ang nais Niyang gawin natin? Kung hindi, dapat nating hilingin sa Panginoon na bigyan tayo ng malinaw na espirituwal na paningin! Maaari Niyang ipakita sa atin ang Kanyang plano, ituro sa atin ang Kanyang mga paraan, at ihayag sa atin ang nilalamn ng Kanyang puso.

Tugon

Hindi tayo dapat makuntento na malaman lamang natin sa pangkalahatan ang layunin at kalooban ng Diyos. Maaari Niyang bigyan tayo ng malinaw na pagkaunawa ngayon na gagabay sa atin. Kapag hinanap natin Siya, ipapakita Niya sa atin kung ano ang nais Niyang gawin sa ating buhay at ang layunin Niya para sa atin. Maglaan ng oras para maghintay sa gagawin ng Diyos ngayon at pakinggan ang Kanyang tinig. Isulat ang ipinapakita sa iyo ng Diyos habang naghahatid Siya ng kalinawan sa ating espirituwal na buhay.

Panalangin

Ama, tulungan mo akong malinaw na maunawaan ang ginagawa Mo sa aking buhay at sa paligid ko. Hayaan mo akong marinig ang iyong boses ngayon. Ipabatid mo sa akin ang nilalaman ng puso mo. Bigyan mo ako ng pang unawa para malaman ang iyong hangarin sa aking buhay upang ikaw ay aking masundan nang sadya. Nais kong ang buhay ko ay gabayan ng iyong salita. Amen.

IKA-ANIM NA ARAW

MAKALANGIT NA PANANAW

Kung mayroon mang nagkukulang sa inyo sa karunungan, humingi siya sa Dios at ibibigay ito sa kanya nang walang pagmamaramot at panunumbat. Ngunit dapat magtiwala ang humihingi at huwag magduda, dahil ang taong nagdududa ay katulad ng alon sa dagat na tinatangay at pinapadpad ng hangin. Ang ganitong tao ay hindi dapat umasa na may matatanggap mula sa Panginoon dahil nagdadalawang-isip siya at walang katiyakan sa mga ginagawa niya.

Santiago 1:5-8

IKA-ANIM NA ARAW | MAKALANGIT NA PANG-UNAWA

Pangkalahatang Ideya

Nais ng Diyos na bigyan tayo ng Kanyang karunungan upang makita natin ang buhay mula sa Kanyang pananaw..

Pagsusuri

Karamihan sa atin ay nauunawaan ang kahalagahan ng mabuting edukasyon, ngunit hindi tayo nagsisikap na magkaroon ng mas malalim na kaalaman. Subalit mas mahalaga ang magkaroon ng banal na karunungan! Ang karunungan ay ang kakayahang magamit nang tama at mabisa ang kaalaman.

At ang maka Diyos na karunungan ay ang kakayahang maunawaan ang buhay mula sa pananaw ng Diyos at ipamuhay ang pagkaunawa na ito sa ating buhay.

Sabi ni Santiago kung kailangan natin ng karunungan, ang kailangan lang nating gawin ay humingi dahil ang Diyos ay mapagbigay at nais Niyang ibigay sa atin ang Kanyang karunungan. Ang karunungan ng Diyos ay walang hangganan at mas mabuti kaysa sa atin dahil Siya ay mabuti at nakakaalam ng lahat, at alam Niya ang wakas mula sa simula.

Ngayon, maaari tayong humingi ng karunungan sa Diyos nang may pananampalataya, at asahan na makikita natin ang nakikita ng Diyos.

Tugon

May pakiramdam ka ba kung paano nakikita ng Diyos ang iyong buhay? At nakikita mo ba ang iyong buhay ayon sa pananaw ng Diyos (halimbawa, sa relasyon, pamamahala ng pananalapi, karera, pagpili, atbp)? Ngayon, hilingin natin sa Diyos na bigyan tayo ng Kanyang karunungan, upang makita natin ang Kanyang nakikita.

Panalangin

Panginoon, kailangan ko ang iyong karunungan sa (ilista ang mga bagay na kailangan mo ng karunungan). Nais kong maunawaan ang mga bagay mula sa iyong pananaw. Kapalit nito, isinusuko ko ang aking sariling pananaw at pamamaraan sa paggawa ng mga bagay. Sa pangalan ni Hesus ako ay nananalangin, Amen.

IKA-PITONG ARAW

UNANG LINGGO PAGSASAGAWA

Dahil pinaiinom niya ang mga nauuhaw,
at pinakakain ang mga nagugutom.

Salmo 107:9

Mapalad ang mga taong ang hangad
ay matupad ang kalooban ng Dios,
dahil tutulungan sila ng Dios na
matupad iyon.

Mateo 5:6

IKA-PITONG ARAW | UNANG LINGGO | PAGSASAGAWA

Buod para sa Nagdaang Linggo

Gaano man karaming pagkakataon na naranasan mo ang Diyos, marami pa Siyang gustong ihayag! Sa nakalipas na linggo, hinihiling mo sa Diyos na buksan ang iyong espirituwal na mga mata, alisin ang kaliskis nito, at punuin ka ng Kanyang pananaw.

Itala ang mga Ipinakita sa Iyo ng Diyos

Isipin kung ano ang ipinakita ng Diyos sa iyo ngayong linggo - para sa iyong sarili, para sa iyong pamilya at para sa simbahan. Maglista ng ilang parte na ibinahagi sa iyo ng Diyos. Maaaring ito ay ang pagkaunawa na ikaw ay naging kampante, o mayroon kang ilang mga pamamaraan na dapat gawan ng mga tuntunin pagdating sa ating pagtingin sa kung ano ang nakikita ng Diyos.

Ipanalangin ang Iyong Buhay, ang Iyong Pamilya at ang Simbahan

Magsimulang magpasalamat sa Diyos sa Kanyang katapatan sa pagbubukas ng iyong mga mata. Hilingin sa Banal na Espiritu na gumawa ng mas malalim pa na pagkilos sa iyong puso. Ipanalangin ang mga bahagi ng iyong buhay, makakita ka nawa nang malinaw gaya sa kung ano ang nakikita ng Diyos. Hilingin sa Kanya na selyuhan ang mga paghahayag na ibinigay Niya sa iyo ngayong linggo. Ipanalangin mo rin ang iyong pamilya at ang Simbahan.

Pagsasagawa

Ibahagi sa iba kung ano ang ipinakita sa iyo ng Diyos, manalangin kayong magkasama at ipanalangin ang isa't isa, Manalangin din para sa Simbahan.

Ano ang Nakalaan sa Susunod na Linggo

Gaano man karaming beses mo ng naranasan ang Diyos sa iyong buhay, gaano man karaming mga tagumpay, o nasagot na mga panalangin na iyong natanggap, ito ay simula pa lamang! Marami pang maipapakita sa iyo ang Diyos. Sa darating na linggo, hihilingin natin sa Diyos na patuloy na ayusin ang ating mga puso upang makakita tayo tulad ng sa kung papaano Siya nakakakita.

IKA-WALONG ARAW

BUKSAN MO ANG AMING PUSO

Noong taon ng pagkamatay ni Haring Uzia, nakita ko ang Panginoon na nakaupo sa napakataas na trono. Ang mahabang damit niya ay tumakip sa buong templo. May mga makalangit na nilalang sa gawing ulo niya. Ang bawat isa sa kanila ay may anim na pakpak: Ang dalawang pakpak ay nakatakip sa kanilang mukha, ang dalawa ay nakatakip sa kanilang paa, at ang dalawa ay ginagamit nila sa paglipad. Sinasabi nila sa isa't isa: “Banal, Banal, Banal, ang Panginoong Makapangyarihan! Ang kapangyarihan niya’y sumasakop sa buong mundo.” Sa lakas ng tinig nila, nayanig ang mga pundasyon ng templo at napuno ng usok ang loob ng templo. Sinabi ko, “Nakakaawa ako! Tiyak na mapapahamak ako, dahil ako’y may makasalanang labi at naninirahan ako sa piling ng mga taong makasalanan din ang mga labi. At ngayon, nakita ko ang Hari, ang Panginoong Makapangyarihan

Isaiah 6:1-5

IKA-WALONG ARAW | BUKSAN MO ANG AMING PUSO

Pangkalahatang Ideya

Marami pang gustong ipakita ang Diyos. Nais Niyang ipakita sa atin ang kalagayan ng ating puso.

Pagsusuri

Si Isaias ay isang matuwid na tao, isang propeta. Subalit nang makita niya ang kabanalan ng Diyos, napagtanto niya na may mga lugar sa kanyang puso na kailangang magbago. Maaari nating isipin na nakikita na natin ang nakikita ng Diyos, ngunit marami pa! Tulad ni Isaias, kailangan nating payagan ang Diyos na ipakita sa atin ang ating puso at payagan Siyang alisin ang mga nasira at mga bagay na may kapintasan. Para kay Isaias, ito ay pagkakasala. Para sa atin, maaaring ito ay pagdududa o pagkabalisa o kasalanan. Kinilala ni Isaias ang kalagayan ng kanyang puso at hinayaang ipanumbalik siya ng Diyos. Handa na si Isaias na makita ang puso at layunin ng Diyos.

Ang tao ay tumitingin sa panlabas, ngunit nakikita ng Diyos ang puso. (1 Sam 16:7b). Kapag lumapit tayo sa Diyos, ihahayag Niya ang tunay na kalagayan ng ating puso upang malinis at mapatawad Niya tayo, at maalís ang ating kasalanan. Ginagawa Niya ito para mas maihayag Niya sa atin ang Kanyang kalooban at layunin.

Tugon

Hilingin sa Diyos na suriin ang iyong puso, ipakita ang mga bagay na kailangan mong baguhin, mga bagay na kailangan mong iayon sa Kanyang hangarin. Maaring ito ay isang galit na pinanghahawakan mo, o isang bisyo na kailangang tapusin. Hilingin sa Diyos na buksan ang iyong mga mata ng makita mo ang kalagayan ng iyong puso.

Panalangin

Panginoon, nawa ay ipakita ninyo sa akin ang tunay na kalagayan ng aking puso. Suriin mo ako at tingnan kung may mga bagay na ginagawa ako na kailangan kong ayusin at baguhin. Linisin at patawarin mo ako, alisin ang mga kasalanan ko sa pamamagitan ng ginawa ni Hesus sa Krus. Salamat sa pagkilos mo sa akin upang mabago ako. Turuan Mo akong mamuhay sa paraang nakalulugod sa Iyo. Ipinagdarasal ko ang lahat ng ito sa pangalan ni Hesus. Amen

IKA-SIYAM NA ARAW

IPAKITA SA AMIN ANG MAS MAHUSAY NA PARAAN

Ang sabi ni Yahweh, “Ang aking kaisipa’y hindi ninyo kaisipan, ang inyong kaparaanan ay hindi ko kaparaanan. Kung paanong ang langit ay mas mataas kaysa lupa, ang aking kaparaanan ay higit kaysa inyong kaparaanan, at ang aking kaisipan ay hindi maaabot ng inyong kaisipan.

Isaiah 55:8-9

IKA-SIYAM NA ARAW | IPAKITA SA AMIN ANG MAS MAHUSAY NA PARAAN

Pangkalahatang Ideya

May mas magandang paraan ang Diyos para sa atin, at nais Niyang ihayag iyan sa atin.

Pagsusuri

Ang kaisipan ng Diyos ay higit pa sa anumang bagay na maaari nating maisip. Ang Kanyang mga paraan ay mas mataas, higit na mas mahusay kaysa sa mundo at sa sistema nito. Bilang isang walang-hanggang Nilalang na may perpektong karunungan at kaalaman, ang Kanyang mga paraan ay walang-hanggang at mas mabuti, mas matalino, mas perpekto kaysa sa ating mga paraan. At nais ng Diyos na ipakita sa atin ang Kanyang mga paraan.

Kapag gumugol tayo ng oras sa Diyos araw araw, sa Kanyang salita at sa panalangin, malalaman natin ang Kanyang mga iniisip at makikita ang Kanyang mas mabuting paraan para sa atin. Sa Isaias 55:3 ibinigay ng Diyos ang paanyaya: “Halika ... sa iyong mga tainga na nakabukas. Makinig ka, at makakahanap ka ng buhay.”

Karamihan sa mga tao ay nananatili sa “nakasanayan”. Namumuhay tayo ayon sa kung ano ang pamantayan: makapag-aral, makahanap ng trabaho, magkaroon ng trabaho, umibig, mag-asawa, bumili ng bahay, magkaanak, at paulit-ulit. Maaaring hindi natin namamalayan na ang ating karaniwang mga tugon, kilos at desisyon ay maaaring hindi ang nais ng Diyos para sa atin. Ihahayag ng Diyos ang Kanyang mga paraan sa atin kung maghihintay tayo sa Kanya. Ngayon hilingin natin sa Diyos na ipakita sa atin ang mga lugar kung saan nais Niyang iayon natin sa Kanyang mga paraan.

Ipinaaalaala sa atin ng Bibliya na “May daang matuwid sa tingin ng tao, ngunit kamatayan ang dulo nito.” (Kawikaan 14:12). Ang galit, hindi pagpapatawad, takot, ay mga halimbawa ng mga paraan na humahantong sa kamatayan.

Kapag gumugol tayo ng oras para sa Kanya araw-araw, tayo ay makipag-usap kung saan sabihin natin ang lahat ng ating mga hinaing sa Kanya, lumapit tayo nang nakabukas ang ating mga tainga, at hilingin sa Kanya na ipakita sa atin ang Kanyang daan..

Tugon

Kapag gumugol ka ng oras para sa Kanya, nakikita mo ba ang Kanyang paraan para sa iyo? Maipapakita Niya sa atin kung paano tayo dapat magmahal, magpatawad, kung paano pamahalaan ang ating mga pinagkukunang-yaman, kung paano magplano ng ating buhay, kung paano pamunuan ang ating pamilya, kung paano paglingkuran ang iba... sa bawat aspeto ng ating buhay, ang Kanyang mga paraan ay mas mabuti kaysa sa atin.

Panalangin

Diyos, alam kong Ikaw ay mayroong walang hanggang karunungan, Ang Iyong mga paraan ay hindi kapani-paniwala at labis na nakahihigit. Manguna ka nawa sa buhay ko at ipakita sa akin ang iyong pamamaraan, Hayaan mong lukuban ako ng iyong kaalaman. Nawa’y ang iyong pamamaraan ay maganap sa bawat bahagi ng aking buhay. Ito ang hinihiling ko sa pangalan ni Hesus. Amen

IKA-SAMPUNG ARAW

IPAKITA SA AKIN ANG LANDAS NG BUHAY

Pupurihin ko kayo, Panginoon, na sa akin ay nagpapayo. At kahit sa gabi'y pinaaalalahanan ako ng aking budhi Panginoon palagi ko kayong iniisip, at dahil kayo ay lagi kong kasama, hindi ako matitinag. Kaya't nagagalak ang puso ko, at ako'y panatag, dahil alam kong ligtas ako. Sapagkat hindi nyo pababayaang na ang aking kaluluwa ay mapunta sa lugar ng mga patay; hindi nyo hahayaang mabulok sa libingan ang matapat nyong lingkod. Itinuro nyo sa akin ang landas patungo sa buhay na puno ng kasiyahan, at sa piling nyo, aking matatagpuan ang ligayang walang hanggan.

Salmo 16:7-11

IKA-SAMPUNG ARAW | IPAKITA SA AKIN ANG LANDAS NG BUHAY

Pangkalahatang Ideya

Nais ng Diyos na ipakita sa atin ang landas ng buhay. Ito ay landas ng masaganang buhay; isang buhay na puno ng katatagan, kagalakan, pag-asa at kasiyahan.

Pagsusuri

Sa isang hindi pamilyar na lugar, magkakaroon tayo ng kapanatagan kung mayroon tayong gabay na maaaring magpakita sa atin ng pinaka mainam, pinakaligtas, pinaka madali o pinaka magandang daan. Sa Salmo 16, inilarawan ni David ang mga pakinabang ng pagkakaroon ng isang Diyos na Kanyang gabay.

Pinapakita sa atin ng Diyos ang “landas ng buhay” – ang paraan ng pamumuhay upang matamasa natin ang lahat ng pakinabang o pagpapala ng buhay. Ang buhay minsan ay nasa taas o minsan naman ay nasa baba. Ngunit sa Diyos, Siya ay nagsisilbing ilaw sa madilim na panahon, tayo ay mananatili, magkakaroon ng kagalakan at pag-asa.

Upang makita ang landas at lakaran na ito, kailangan nating lumapit sa katauhan ni Hesus. Hindi lamang Niya ipinapakita sa atin ang daan, sapagkat Siya mismo ang daan (Juan 14:6). Sinasabi sa Salmo 16:11 na sa kanan ng Diyos ay may mga kasiyahan magpakailanman. Maaari nating maranasan ang buhay na kasama ang Diyos, isang buhay na ganap, habang tayo ay naglalakad sa Kanyang landas.

Tugon

Habang nakatuon kay Hesus, tayo ay magtiwala at maghintay sa Kanya. Maaasahan natin na malinaw Niyang ipapakita sa atin ang Kanyang mga kahanga-hangang plano sa bawat aspeto ng ating buhay para sa darating na taong 2023. Kailangan nating hayaan ang Diyos na patnubayan at gabayan ang ating buhay sa halip na gawin lamang ang ating nakasanayan. Yamang alam nating may magagandang plano ang Diyos para sa atin, kailangan nating sumandaling huminto at magtanong, “Diyos, ito ba ang landas na gusto mong tahakin ko sa panahong ito ng aking buhay? Ano ang mga plano mo Panginoon?” Kailangan nating maging bukas sa natatanging patnubay ng Diyos.

Panalangin

Panginoon, ipakita mo sa akin ang iyong mga pamamaraan. Akayin mo ako sa tamang landas at bigyan mo ng matibay na mga paa. Nagtiwala ako sa Iyo na bawat araw at yugto ng aking buhay ay aakayin mo ako sa iyong landas. Sa pangalan ni Hesus, dalangin ko, amen.

IKALABING-ISANG ARAW

LABANAN NG KAISIPAN

Kahit na namumuhay kami rito sa mundo, hindi kami nakikipaglaban sa mga kumokontra sa katotohanan nang ayon sa pamamaraan ng mundo. Sa halip, ang kapangyarihan ng Dios ang aming armas. Iyon ang aming ginagamit na panlaban sa mga maling pangangatwiran ng mga taong mapagmataas at ayaw maniwala sa mga turo ng Dios. Sinisira namin ang kanilang maling pangangatwiran na tulad ng matibay na pader na humahadlang sa kanila na makilala ang Dios. Kinukumbinsi namin silang sundin ang mga utos ni Cristo. At kung matiyak naming lubos na kayong masunurin, handa na kaming parusahan ang lahat ng suwail.

2 Corinto 10:3-6

IKALABING-ISANG ARAW | LABANAN NG KAISIPAN

Pangkalahatang Ideya

Upang matanggap ang karunungan at pananaw ng Diyos, kailangan nating makipaglaban sa tunggalian ng mga kaisipan.

Pagsusuri

Maaari tayong magkaroon at gustuhin ang pananaw mayroon ang Diyos, ngunit maaaring tayong pasukin ng iba pang mga bagay. Gusto nating magalak sa kabutihan ng Diyos, ngunit kung minsan ay hinahayaan nating nakawin ng pag-aalala ang ating kagalakan. Gusto nating tumindig sa ating pananampalataya, ngunit hinahayaan nating pumasok sa ating isipan ang pag-aalinlangan kung tutuparin ng Diyos ang kanyang salita. Naniniwala tayo na ang Diyos ang Siyang nagkaloob sa atin, ngunit ang pagbabasa ng mga pahayagan ay maaring magbigay sa atin ng alinlangan kung sasapat ba ang mayroon tayo ngayon. Ang dapat labanan natin ay ang mga kaisipang ito na pumipigil sa atin na makitang malinaw kung sino ang Diyos at kung ano ang gusto Niyang gawin para sa atin.

Sinasabi sa atin ng talata sa Bibliya na binasa natin na tayo ay nakikipagdigma. Ito ay isang digmaan kung saan ang mga ideya, kaisipan, persepsyon, pananaw ng mundo ay salungat sa katotohanan patungkol sa Diyos. Ito ay labanan ng “pangangatwiran, pagpapanggap” at “mga saloobin” – labanan ng kaisipan.

Para matanggap ang karunungan at pananaw mayroon ang Diyos, kailangan nating labanan ang mga kaisipang ito at bunutin mula sa pinag-uugatan. Ang kaaway ay nagbibigay ng mga pagaalinlangan na nagpapahina sa iyong pananampalataya sa mga pangako ng Diyos. Pinapaalala niya sa iyo ang iyong mga kahinaan at sinisikap na ibaling ang iyong atensyon mula sa pangungusap ng Diyos.

Upang mapagtagumpayan ang labanan sa ating kaisipan, dapat nating ipailalim ang ating mga isipan sa pagkapanginoon ni Kristo. Nangangahulugan ito na itinatakwil natin ang mga kaisipang sumasalungat sa daan ng Diyos at sa halip piliin natin na tanggapin ang katotohanan mula sa Diyos at mamuhay ayon dito.

Tugon

Hilingin natin sa Banal na Espiritu na ipaalam sa atin ang anumang pananaw, kaisipan, paniniwala, pag-iisip, atbp, na kailangang alisin at buwagin. Isuko natin lahat kay Hesus, at itakwil sila.

Panalangin

Panginoon, dalangin ko na baguhin Mong muli ang aking isipan at alisin sa trono nito ang bawat paraan ng pag-iisip na labag sa Inyong kalooban. Panginoon, humihingi ako ng iyong kapatawaran sa aking makasariling mga ambisyon, makatwirang argumento, at mga alalahanin sa aking buhay na naging dahilan upang suwayin Kita. Tinatalikuran ko ang mga bagay na ito sa buhay ko ngayon, at ipinapahayag ko na walang kapangyarihan ang kaaway sa akin. Nagpapasalamat ako sa Inyo Panginoon na ang mga bagay na ito ay nabubuwag sa pangalan ni Hesus, Amen.

IKALABING-DALAWANG ARAW

BUKAS NA PINTO SA LAHAT NG DAKO

Alam ko ang mga ginagawa ninyo. Kahit kakaunti ang inyong kakayahan, sinunod ninyo ang mga turo ko at naging tapat kayo sa akin. Kaya nagbukas ako ng pintuan para sa inyo na walang sinumang makapagsasara.

Pahayag 3:8

IKALABING-DALAWANG ARAW | BUKAS NA PINTO SA LAHAT NG DAKO

Pangkalahatang Ideya

Ang mga pintuan ng pagkakataon ay nasa paligid natin. Kailangan natin itong makita!

Pagsusuri

Ang banal na kasulatan ay isang pangakong ibinigay sa simbahan ng Philadelphia. Mula rito, nalaman natin na ang Diyos ang nagbubukas ng mga pinto. Ang isang bukas na pinto ay naghahayag ng pagkakataon, isang lugar kung saan tayo makakakuha ng daan. Maaaring ito ay daan sa isang posisyon na may impluwensya sa ating paaralan, lugar ng trabaho o komunidad, maaaring daan sa buhay ng isang tao para mapagpala o matulungan natin sila. Kapag humaharap tayo sa mga pagsubok, ang isang bukas na pinto ay nagbibigay ng daan sa mga solusyon. Ang bukas na pinto ay isang pagkakataon na ibinigay ng Diyos para sa mga tagumpay.

Ang Diyos ang nagbubukas ng mga pintuan sa ating buhay. Hindi ito nakasalalay sa ating kakayahan o sa lakas ng tao, hindi ito karapat-dapat sa atin. At ang mga pintuan na Kanyang binubuksan ay walang makakapagsara.

Ang Diyos ay naghanda ng pintuan ng mga pagkakataon para sa atin. Kailangan lang natin silang makita! Napansin mo ba ang mga salesperson na nagtatrabaho sa isang roadshow? Habang sila ay aktibong nagsisiyasat, nakikita nila ang bawat dumadaan bilang isang potensyal na customer, isang “bukas na pinto”! Makabubuti na magkaroon tayo ng ganoon ding saloobin dahil madaling makaligtaan ang mga pagkakataong iyon kung hindi natin sinasadyang magbantay

Maging ito ay iyong paaralan, lugar ng trabaho o sa bahay, aktibong maghanap ng mga pagkakataon ngayon! May mga bukas na pintuan para sa mga pagpapala mula sa Panginoon, at mga pagkakataon ding pagpalain ang iba.

Tugon

Hilingin sa Diyos na buksan ang iyong mga mata sa mga pintuang binubuksan Niya para sa iyo upang hindi mo mapalagpas ang anumang pagkakataong ibinigay ng Diyos.

Panalangin

Mahal na Diyos, kinikilala ko na nais Mo akong bigyan ng mga bukas na pintuan. Tulungan mo akong sundin ang Iyong Salita at maging mapagtuunan ng pansin, upang hindi ko mapalagpas ang mga pagkakataong itinakda mo sa akin. Sa pangalan ni Hesus, Amen.

IKALABING-TATLONG ARAW | PANANAMPALATAYANG NAGTATAGUMPAY

Pangkalahanag Ideya

Dahil sa pananampalataya, nakikita natin na ang Diyos ay maaaring gumawa ng mga himala sa kabila ng mga balakid.

Pagsusuri

Sa Marcos 2:1-12, apat na magkakaibigan ang gumawa ng kakaibang aksyon para dalhin ang kanilang paralisadong kaibigan kay Hesus, sa paniniwalang pagagalingin siya ni Hesus. Si Hesus ay napapalibutan ng mga tao at imposibleng maabot, ngunit ang mga kaibigan ng paralitiko ay umakyat sa bubong, gumawa ng isang butas at ibinaba ang kanilang kaibigan sa harap mismo ni Hesus. Iniligtas at pinagaling ni Jesus ang lalaking paralitiko noong araw na iyon. Isang himala ang naganap. At lahat ng ito ay dahil sa apat na magkakaibigan na nakita na may pananaw sa pananampalataya.

Dahil sa pananampalataya, nakikita natin na posible ang mga himala anuman ang mga maaaring makahadlang. At ang pananampalataya ay nagbibigay- inspirasyon sa atin na madaig ang mga paghihirap.

Kapag nahaharap sa mga pagsubok, madali lamang makita ang mga hadlang. Ngunit tulad ng mga kaibigang puno ng pananampalataya, kailangan nating makita na ang Diyos ay may kakayahang gumawa ng mga himala.

Tugon

Nagagawa ng Diyos ang himalang paraan! Huwag hayaang panghinaan ka ng loob sa mga pangyayari o paghihirap. Hilingin natin sa Diyos na buksan ang ating mga mata ng pananampalataya at maniwala sa Kanya para sa mga hima

Panalangin

Mahal na Panginoon, naniniwala ako na Ikaw ang Diyos na walang imposible. Buksan mo ang aking mga mata upang makita ang mga himalang magagawa Mo sa aking kalagayan. Gusto kong makakita ng higit pa sa anumang hadlang. Ibaling mo ang aking pag-iisip mula sa imposible patungo sa posible, mula sa mga limitasyon, tungo sa Iyong walang hanggang kapangyarihan. Ipinagdarasal ko ito nang may pananampalataya sa pangalan ni Hesus, Amen.

IKALABING-APAT NA ARAW

IKALAWANG LINGGO PAGSASAGAWA

Pero ako, ang Panginoon, alam ko ang puso at isip ng tao. Gagantihan ko ang bawat isa ayon sa pag-uugali at mga gawa niya.

Jeremias 17:10

Higit sa lahat, ingatan mo ang iyong isipan, sapagkat kung ano ang iyong iniisip iyon din ang magiging buhay mo.

Mga Kawikaan 4:23

IKALABING-APAT NA ARAW | IKALAWANG LINGGO | PAGSASAGAWA

Buod sa Nagdaang Linggo

Ang iyong puso ang nagtatakda sa takbo ng iyong buhay, at ito ay mahalaga sa Diyos. Nitong nakaraang linggo, hinihiling mo sa Diyos na kumilos sa iyong puso; upang ipakita sa iyo ang mga parte na kailangan mong baguhin, kung paano mamuhay nang matagumpay at maging handa para sa mga himala.

Ilista ang mga Ipinakita sa Iyo ng Diyos

Ipinakita sa iyo ng Diyos ang maraming bagay nitong nakaraang linggo. Isipin kung ano ang personal Niyang ipinakita sa iyo patungkol sa iyong puso, mga bahagi kung saan Siya kumilos, mga landas na kailangang tahakin, mga bukas na pintuan na Kanyang ipinakita at mga himalang dapat angkinin. Ilista ang mga ito.

Ipanalangin ang Ipinakita Niya Sa'yo

Salamat sa Diyos sa Kanyang katapatan sa pagbubukas ng iyong mga mata at pagkilos sa iyong puso. Hilingin sa Banal na Espiritu na selyuhan ang ginawa Niya sa iyong puso, at kumilos pa ng mas malalim sa darating na linggo. Hilingin sa Kanya na patuloy kang tulungan na mamuhay sa bago mong puso. Ipanalangin mo rin ang iyong pamilya at ang Simbahan.

Pagsasagawa

Isaalang-alang kung anong mga bagong gawi ang kailangan mong linangin at mga bagong kasanayan ng pag-iisip upang ikaw ay lumago. Ibahagi sa isang tao kung ano ang ginawa ng Diyos sa iyo, Magdasal kayong magkasama at ipanalangin at isa't-isa. Ipagdasal din ang Simbahan.

Ano ang Nakalaan sa Susunod na Linggo

Meron pa! Sa darating na linggo, hihilingin natin sa Diyos na buksan ang ating mga mata sa mabubuting bagay na inilaan Niya para sa atin.

IKALABING-LIMANG ARAW | MAKITA ANG KATAPATAN NG DIYOS

Pangkalahatng Ideya

Ang Diyos ay tapat at hindi kailanman nabigo sa lahat ng pangakong Kanyang ginawa.

Pagsusuri

Bago mamatay si Josue ay ipinaaalala niya sa Israel na alalahanin na ang Diyos ay tapat – na bawat pangako ng Diyos, tinupad Niya ito at ni isa man ay hindi nabigo. Pinaaalalahanan niya ang Israel na tingnan ang katapatan ng Diyos at panghawakan ito. Sa parehong paraan, pinaaalalahanan tayo ng Diyos na tingnan ang katapatan ng Diyos sa ating buhay at maging matatag sa ating pag asa.

Minsan kapag dumadaan tayo sa mga sitwasyon sa buhay, natutukso tayong isipin na ang ilan sa mga pangako ng Diyos ay maaaring hindi dumating sa ating buhay. Dito natin kailangang magtiwala na ang Diyos ay tapat. Siya ay mapagkakatiwalaan. At lahat ng Kanyang ipinangako ay mangyayari.

Ipinaaalala sa atin ng Mga Bilang 23:19: Ang Dios ay hindi tao na magsisinungaling, o magbabago ng kanyang isip. Nagsasabi ba siya ng hindi niya ginagawa? Nangangako ba siya ng hindi niya tinutupad?

Ipinaaalala sa atin ng 2 Corinto 1:20: Sapagkat ang lahat ng pangako ng Diyos ay natupad kay Cristo na may malakas na “Oo!” At sa pamamagitan ni Cristo, ang ating “Amen” (na ang ibig sabihin ay “Oo”) ay umaakyat sa Diyos para sa kanyang kaluwalhatian.

Ang Diyos ay laging tapat na patawarin tayo, binibigyan Niya tayo ng tagumpay laban sa kamunduhan, sinagot Niya ang ating mga panalangin, gumawa ng mga himala, pinagaling ang ating mga karamdaman. Paulit ulit Niyang pinatunayan na Siya ay tapat sa Kanyang salita. Makakaasa tayo sa Kanya.

Tugon

Anuman ang sitwasyon na kinakaharap mo ngayon o sa taon na ito, hayaan ang Banal na Espiritu na buksan ang iyong mga mata upang makita ang katapatan ng Diyos. Makakaasa kang kikilos ang Diyos para sa iyo dahil wala ni isa sa mga pangako ng Diyos ang nabigo.

Panalangin

Panginoon, ipinagkakaloob ko ang mga imposibleng sitwasyon sa buhay ko sa Iyo. Patawarin mo ako sa mga panahong nagkulang ako sa pananampalataya at hinayaan ang aking mga iniisip at pag aalinlangan na pumalit sa Iyong salita. Tulungan Mo akong magtiwala at sumunod sa Iyo, lumakad nang may pananampalataya upang matanggap ko ang imposible. Inaasahan ko ang katuparan ng lahat ng Inyong pangako, dahil Kayo ay matapat na Diyos!

IKALABING-ANIM NA ARAW | MAKITA ANG KABUTIHAN NG DIYOS

Pangkalahatang Ideya

Ang pagkilala at pagsaksi na ang Diyos ay ganap na mabuti ay magbubunga ng kabutihan na dumadaloy sa kalooban natin at sa pamamagitan natin.

Pagsusuri

Sa Salmo 34, ipinahayag ni David na ang Diyos ay mabuti. Ibig sabihin, ang Diyos ay ganap na matuwid at perpekto. Likas sa Kanya ang maging mabuti. Ang kabutihan ay dumadaloy palabas sa Kanya. Hinahamon tayo ng salmista na subukan, maranasan ang kabutihan ng Diyos. At kapag nagsimula na natin makita ang kabutihan ng Diyos, nagsisimulang dumaloy ang magagandang bagay sa ating buhay.

Kagaya Kung may nagsabi sa iyo na may isang tindahan kung saan ang lecheon kawali ay masarap, hindi mo kailanman malalaman na ito ay totoo maliban kung pumunta ka at subukan ito para sa iyong sarili. Ganoon din ang kabutihan ng Diyos! Kailangan nating tikman at makita - maranasan at makilala ang Kanyang kabutihan!

Ang mga layunin at plano ng Diyos para sa atin ay mabuti (Roma 8:28; Jeremias 29:11). May magandang plano siyang nakalaan para sa atin. Ginawa at patuloy na gagawa ng mabuti ang Diyos sa ating buhay. Hindi pa tapos ang Diyos sa paggawa ng mabuti sa ating buhay.

Nais ng Diyos na ibalik ang ating pag-iisip sa Kanyang kabutihan, malaman na Siya ay kasama natin, sapagkat tayo at ang Kanyang mga layunin sa atin ay 100% na mabuti. Siyempre, ang buhay ay hindi gaya ng kama na puno ng rosas, nahaharap tayo sa mga hamon. Hindi natin hinahayaan ang ating mga sitwasyon na alisin ang ating pananaw sa kabutihan ng Diyos, kundi hayaan natin ang kabutihan ng Diyos na alisin ang ating pag-iisip sa ating mga kalagayan. Kapag natutuhan nating gawin ito, mabubuo ang ating pagkatao at kakayahan na magkaroon ng tiwala sa kabutihan ng Diyos, at sa Kanyang pagka Diyos na hindi kailanman nagbabago.

Tugon

Nararanasan mo ba ang Kabutihan ng Diyos sa iyong buhay? Kapag iniisip mo ang iyong kinabukasan, nakikita mo ba ang kabutihan at awa (Salmo 23:6) o hirap at kabiguan. Isipin mo ang lahat ng kabutihang ibinuhos sa iyo ng Diyos. Saliksikin ang iyong puso at ipahayag ang kabutihan ng Diyos at pasalamatan Siya.

Panalangin

Mahal na Diyos, salamat sa Iyo at sa Iyong kabutihan na hindi nagbabago. Ngayon, naaalala at pinasalamatan kita sa lahat ng kabutihang ginawa Mo sa aking buhay, kung paano Mo ako iniligtas, sinagip, sinagot ang aking mga panalangin, pinagaling, hindi pinabayaan, at binigyan ng mga pangako. Alam ko na Kayo ay mabuti! Salamat sa iyo na maaasahan kong makikita ko ang Iyong masaganang kabutihan araw araw. Sa pangalan ni Hesus, amen!

IKALABING -PITONG ARAW

MAKITA ANG BENEPISYO NG DIYOS

Purihin ang Panginoon, ang Dios na ating Tagapagligtas na tumutulong sa ating mga suliranin sa bawat araw.

Salmo 68:19

Pupurihin ko ang Panginoon, at hindi kalilimutan ang kanyang kabutihan. Pinatatawad niya ang lahat kong kasalanan, at pinagagaling ang lahat kong karamdaman. Inililigtas niya ako sa kapahamakan, at pinagpapala ng kanyang pag-ibig at habag. Pinagkakalooban niya ako ng mga mabubuting bagay habang ako'y nabubuhay, kaya ako'y parang nasa aking kabataan at malakas tulad ng agila..

Salmo 103:2-5

IKALABING-PITONG ARAW | MAKITA ANG BENEPISYO NG DIYOS

Pangkalahatang Ideya

Nais ng Diyos na pagpalain tayo araw-araw. Ang kanyang mga benepisyo ay hindi dumarating sa maliliit na patak kundi sa pagbuhos! Maaari nating asahan at angkinin ang Kanyang mga benepisyo sa bawat araw ng bagong taon na ito!

Pagsusuri

Madalas nating inuugnay ang salitang “pasan” sa mga negatibong ideya tulad ng “mabigat na karga” o “mga pasanin” o “mga timbang” o “trabaho”. Ngunit dito, ang salitang “pasan” ay may kaaya-aya na kahulugan! Sinasabi sa Salmo 68:19 na ang Diyos ng ating kaligtasan ay araw-araw na nagdadala sa atin ng mga pakinabang! Ito ay parang isang malaking trak na nagbubuhos ng mga benepisyo!

Ang Diyos ay Diyos ng pagpapala. Pagkatapos Niyang likhain sina Adan at Eba, ang unang ginawa Niya ay basbasan sila (Gen 1:27). Si Hesus ay naparito upang mamatay sa krus para sa atin, upang tayo ay mapalaya mula sa sumpa ng kasalanan, at ibalik tayo sa posisyon ng pagpapala.

Nakatala sa Salmo 103 ang ilan sa mga ito: pagpapatawad, pagpapagaling sa lahat ng sakit, pagliligtas sa kamatayan, puno ng pagmamahal at awa, puspos ng mabubuting bagay, at lakas ng kabataan

Ito ang maaasahan natin araw araw sa Diyos na nagliligtas sa atin. Maaari nating maangkin ang mga benepisyo na ito araw-araw, at asahan na ang mga bagong pasan ay ihahatid nang sariwa kinabukasan!

Kailangan nating magkaroon ng pag-iisip na ang Diyos ay kakampi natin, hindi Siya laban sa atin, at nais Niyang pagpalain tayo araw araw. Ito ang magbabago ng ating pag iisip, pamumuhay at plano. Hindi na natin kailangang mabuhay sa ilalim ng takot at pagkabalisa, o pakiramdam na kailangan nating tumingin para sa ating sarili. Magkakaroon tayo ng tiwala at katiyakan na anuman ang mangyari, ang Diyos ay para sa atin, Siya ay kasama natin, at ang Kanyang mga pagpapala ay hindi titigil.

Tugon

Aminin natin na ang Diyos ang ating Tagapagpala. Gusto niya araw araw na kargahan tayo ng kanyang mga benepisyo. Maaari nating purihin ang Diyos para sa lahat ng Kanyang mga benepisyo, at maangkin ang mga benepisyo para sa iyong sarili at sa iyong mga mahal sa buhay!

Panalangin

Salamat Amang nasa sa Langit sa araw-araw na pagdadala sa akin ng mga benepisyo! Salamat sa (ilista ang lahat ng mga benepisyo na maaari mong isipin). Namangha ako sa iyong kabutihan. Pinupuri Kita sa lahat ng pagpapala mo sa akin. Napakaraming dapat kong abangan sa bawat araw, dahil Ikaw ay nasa buhay ko. Salamat!

IKALABING-WALONG ARAW | MAKITA ANG KAPANGYARIHAN NG DIYOS

Pangkalahatang Ideya

Si Hesus ay may awtoridad sa bagyo ngunit nakita ng Kanyang mga disipulo ang bagyo at natakot sa para sa kanilang buhay.

Pagsusuri

Sinabi ni Hesus sa kanyang mga disipulo na tawirin ang lawa at upang marating ang kabilang dako. Ngunit sa gitna ng lawa, nagkaroon ng napakalakas na bagyo kaya takot na takot ang mga disipulo na mga bihasang mangingisda para sa kanilang buhay. Sa kabilang banda, si Hesus ay natutulog nang maayos sa bangka. Akala ng mga alagad ay mapapahamak na sila sa bagyo. Samantalang si Hesus ay mahimbing na natutulog!

Ipinakita ng kasulatan na ang mga disipulo ay hindi lubos na kilala si Hesus tulad ng inaakala nila. Hindi nila alam na Siya ay may awtoridad sa kalikasan. Sa isang salita, inutusan Niya ang bagyo, at ito ay tumigil.

Sinabihan na ni Hesus ang mga alagad na marating nila ang kabilang dako, ngunit kinalimutan ng mga alagad ang Sinabi ni Hesus nang magbanta ang bagyo. Ang mga bagyo ay dumarating upang hamunin ang patnubay at layunin ng Diyos sa ating buhay. Dapat nating pagtuunan ng pansin ang sinabi ng Diyos, at hindi ang bagyo.

Ang bagyo ay sumisigaw ng “ikaw ay nag-iisa”, “si Hesus ay walang pakialam”, “ikaw ay tapos na” at “ito ang katapusan!”. Ngunit dapat nating pakinggan ang tinig ng hindi nagbabagong Diyos, ang tinig ng Kanyang presensya. Huwag makinig sa bagyo. Sa halip, buksan ang iyong mga mata upang makita ang kapangyarihan ng Diyos. Si Hesus ay mas malaki kaysa sa anumang unos na iyong haharapin. Nadaig Niya ang kamatayan at nabuhay na mag-uli! Walang imposible sa Diyos. Siya ay para sa iyo at hindi laban sa iyo.

Tugon

May nakikita ka bang sitwasyon na humahamon sa mga pangako o direksyon na sinabi sa iyo ng Diyos? Hilingin sa Diyos na buksan ang iyong mga mata upang makita ang Kanyang dakilang kapangyarihan at ipahayag ang Kanyang kadakilaan sa sitwasyong iyon. Tumingin sa pamamagitan ng mga mata ng pananampalataya. Alamin na si Hesus ay kasama mo ngayon, na inuutusan ang iyong bagyo na maging tahimik.

Panalangin

Panginoon, ikaw ang Diyos na walang imposible. Napagtagumpayan mo kahit ang kamatayan. Salamat na Ikaw ay kampi sa akin, at Ikaw ay may kapangyarihan sa aking sitwasyon. Ipinapahayag ko Ama na Ikaw ay mas malaki kaysa sa anumang bagyo. Ipinapahayag ko na ang lahat ng mga pangakong sinabi Mo na ang “oo” ay matutupad. Salamat sa iyo, sa ngalan ni Hesus.

IKALABING-SIYAM NA ARAW | MAKITA ANG PAG-AANI NG DIYOS

Pangkalahatang Ideya

Nais ni Hesus na makita natin na handa na ang pag aani ngayon.

Pagsusuri

Sa Juan 4, katatapos lang makausap ni Hesus ang Samaritana sa balon, nag-ministryo si Hesus sa kanya, at naligtas ng isang lungsod. Bumalik ang mga disipulo mula sa pagbili ng pagkain, at itinuro ni Hesus sa kanila ang kahalagahan na unahin ang pagbabahagi ng Magandang Balita.

Gamit ang halimbawa mula sa pagsasaka, binigyang-diin ni Hesus na iba ang pananaw Niya sa Kanyang mga disipulo tungkol sa kahalagahan na unahin na ibahagi ang Magandang Balita. Para sa mga disipulo ang panahon ay “mamaya”, ngunit para kay Hesus ang panahon ay “ngayon”.

Tulad ng mga disipulo, kailangan din nating magkaroon ng pagbabago ng pananaw tungkol sa pag-ani. lilan sa mga mananampalataya ang talagang magsasabi ng “hindi mahalaga na ibahagi ang Magandang balita”, ngunit madalas, maaari nating isipin na “hindi ito ang tamang panahon” o “baka mamaya”. Ngunit sinasabi ni Hesus, handa na ang pag aani ngayon.

Sinabi rin ni Hesus sa mga alagad “ang mga taga ani ay binabayaran ng mabuting sahod”. Ang mga manggagawa ay binabayaran lamang kapag ang trabaho ay tapos na ang lahat. Sa pamamagitan nito, sinasabi ni Hesus sa Kanyang mga disipulo na naghahanda na Siya para mga bagay na patungkol sa kanyang pagbabalik. Maikli lang ang panahon. Babalik na siya sa lalong madaling panahon.

Kapag naunawaan natin ang pananaw na ito, mababago nito ang paraan ng pagkilos natin patungkol sa misyon. Ito ay magbabago sa paraan ng ating mga bagay na dapat unahin at paggawa ng mga desisyon.

Kamakailan ay ibinahagi ko ang Magandang Balita sa kalye kasama ang ilang kaibigan at nakilala namin ang isang 18 taong gulang na batang lalaki na hindi pa narinig ang tungkol kay Hesus. Tila tahimik siya at walang tugon habang nagsasalita kami, ngunit nagulat ako nang agad siyang sumagot ng “oo” nang tanungin namin kung gusto niyang tanggapin si Hesus! Ito ay paalala sa akin na hindi lamang kailangan ng mga tao si Hesus, kundi tulad ng mga binanggit ng talata, marami na ang handang tanggapin si Hesus bilang kanilang sariling Panginoon at Tagapagligtas.

Tugon

Hilingin natin sa Diyos na bigyan tayo ng sariwang pananaw tungkol sa pag aani, upang makita na dapat unahin at i-prayoridad ng misyon. Manalangin at ipahayag na “Ngayon ang araw ng kaligtasan sa ating mga kaibigan at pamilya.”

Panalangin

Panginoon, tulungan mo akong maunawaan ng tamang pananaw patungkol sa pag-aani ng kaluluwa at ang prayoridad ng Inyong misyon. Tulungan Mo akong maunawaan ang Iyong layunin at takdang panahon. Nais kong ayusin ang aking buhay at unahin ang paggawa ng Iyong kalooban, tulad ng ginawa ni Hesus. Sa Pangalan ni Hesus ako ay nananalangin, Amen.

IKA-DALAWANGPUNG ARAW

MAKITA ANG PABOR NG DIYOS

Ipinapanalangin ko rin na maliwanagan ang inyong puso't isipan para maunawaan n'yo ang pag-asa na inilaan niya sa atin, ang napakahalaga at napakasaganang pagpapala na ipinangako niya sa mga pinabanal. Ipinapanalangin ko rin na malaman n'yo ang napakadakilang kapangyarihan ng Dios para sa ating mga sumasampalataya sa kanya.

Efeso 1:18-19

IKA-DALAWANGPUNG ARAW | MAKITA ANG PABOR NG DIYOS

Pangkalahatang Ideya

Ipinakikita sa atin ng kasulatan ngayon kung gaano tayo lubos na kinakatigan ng Diyos.

Pagsusuri

Nasa atin na ang pabor ng Diyos, ngunit minsan ay hindi natin ito nakikita. Ang panalangin ni Pablo para sa simbahan ay na matanggap natin ang espiritu ng paghahayag upang makita ang pabor ng Diyos sa ating buhay.

Alam natin na tayo ay lubos na pinapaboran dahil binigyan tayo ng Diyos ng pag-asa (v 18), tayo ang mahalagang pag-aari ni Hesus (v 18b) at natatamasa natin ang kadakilaan ng Kanyang kapangyarihan. Idinagdag ng Bibliya na tayo ay nakaupo kasama ni Hesus sa mga makalangit na lugar (Efeso 2:6). Nagbibigay-daan ito sa atin na makita ang mga bagay mula sa ibang pananaw.

Habang Siya ay namamahala at naghahari, tayo rin ay maaring maghari at maghari sa ating mga problema dahil lamang tayo ay nakaupo kasama Niya. Anong karangalan; napakalaking pribilehiyo! Anong pabor.

Sa Bibliya, mababasa natin ang tungkol kay Daniel, isang lingkod-bayan na paulit-ulit na nakaligtas sa mapanlinlang na mga intriga sa pulitika dahil sa pagsang-ayon ng Diyos. Sa Genesis, mababasa natin ang tungkol kay Jose, na ipinagbili bilang isang alipin sa Ehipto at maling ibinilanggo, ngunit umunlad sa lahat ng kanyang ginawa dahil ang Diyos ay kasama niya (Genesis 39). Siya ang naging pangalawang pinakamakapangyarihang pinuno sa Ehipto. Ang mga lalaking ito ay nakaranas ng supernatural na pabor ng Diyos sa kanilang lugar ng trabaho at gayundin ikaw.

Sa Zacarias 2:8b, ipinahayag ng propeta ng Diyos, "... sinumang manakit sa iyo ay pumipinsala sa aking pinakamamahal na pag-aari." Nakikita namin dito na ang pabor ng Diyos ay nag-aalok sa iyo ng malaking katiyakan at katiwasayan.

Ngayon, nais ng Diyos na malaman mo na ikaw ay lubos na pinapaboran. Tinawag ka Niya sa pag-asa, ikaw ay Kanyang mahalagang pag-aari at ang Kanyang dakilang kapangyarihan ay nasa iyo. Maaari mong asahan na makita ang Kanyang pabor sa iyong lugar ng trabaho, sa paaralan, sa iyong mga pamilya, at sa lahat ng iyong relasyon. Maaari mong asahan ang Kanyang proteksyon sa iyong buhay.

Tugon

Magkaroon ng tiwala na tayo ay paborito ng Diyos, maaari mong asahan na makatagpo at maranasan ang Kanyang kabutihan araw-araw. Alisin ang takot at pagkabalisa.

Panalangin

Salamat Ama, sa pag ibig mo sa akin nang walang kondisyon, at sa pag sang-ayon sa akin bagaman hindi ako karapat dapat. Tinatanggap ko ang aking sarili bilang Iyong minamahal, at pinipili kong lumakad nang may pagtitiwala at umaasa sa Iyong kabutihan. Salamat sa inyong pag-alaga, proteksyon at pagsang ayon. Sa pangalan ni Hesus. Amen.

IKADALAWAMPU'T- ISANG ARAW**IKATLONG LINGGO
PAGSASAGAWA**

Alam ko kung paano ko tutuparin ang mga plano ko para sa kabutihan n'yo at hindi sa kasamaan n'yo, at plano para bigyan kayo ng pag-asa na magkaroon kayo ng mabuting kinabukasan.

Jeremias 29:11

“Tumawag ka sa akin at sasagutin kita, at ipahahayag ko sa iyo ang mga kahanga-hanga at mahihiwagang bagay na hindi mo pa alam”.

Jeremias 33:3

IKA-DALAWAMPU'T ISANG ARAW | IKATLONG LINGGO

Buod para sa Nagdaang Linggo

Nitong nakaraang linggo, hinihiling mo sa Diyos na buksan ang iyong mga mata sa magagandang bagay na inilaan Niya. Alam mo na kaya Niyang tuparin ang Kanyang mga pangako kahit gaano man ito kaimposible, na ang Diyos ay mabuti, na araw araw Niyang dinadala sa iyo ang mga benepisyo, na Siya ay para sa iyo, na ang ani ay ngayon, may pagsang-ayon Sya sayo at pabor, at maaari kang umasa ng mabubuting bagay sa araw araw.

Ilista ang mga Ipinakita Sa'yo ng Diyos

Ano ang sinabi sa inyo ng Diyos sa linggong ito? Anong inaasahan/ pangako ang pwede mong hawakan para sa sarili mo / pamilya / trabaho / iglesia / CG mo, atbp? Anong mga hakbang ang kailangan mong gawin bilang tugon? Isulat ang iyong mga saloobin, ipaalala sa iyong sarili ang salita ng Diyos.

Ipanalangin ang ipinakita sayo ng Diyos

Salamat sa Diyos sa pagbukas ng iyong mga mata upang makita ang magagandang bagay na ito. Hayaang umapaw ang iyong puso sa papuri at pasasalamat. Hilingin sa Banal na Espiritu na tatakan ang paghahayag na ibinigay Niya sa iyo. Hilingin sa Kanya na tulungan kang patuloy na mamuhay nang may pananampalataya at pag-asa. Ipanalangin mo rin ang iyong pamilya at ang Simbahan.

Pagsasagawa

Bumuo ng kasanayan na ibahagi ang pabor ng Diyos sa iba. Ibahagi sa isang tao ang mabubuting bagay na ipinakita sa iyo ng Diyos, manalangin kasama at para sa isa't isa, at manalangin din para sa Simbahan.

Ano ang Nakalaan

Sa mga darating na araw at linggo, patuloy na hilingin sa Diyos na buksan ang iyong mga mata upang makakita ang mabubuting bagay na mayroon Siya para sa iyo, at patuloy na umasa na lalabas ang mga ito iyong buhay.